

MGA TANONG AT SAGOT PARA SA MGA MAGULANG GRADE 6

1. Ano ang sinusubukan sa pagtatasa ng Grade 6?

Sinusuri ng pagtatasa ng Grade 6 ang pagbabasa, pagsusulat at mga kakayahan sa matematika natutunan na ng mga mag-aaral sa katapusan ng diyunor na dibisyon, ayon sa *Curriculum ng Ontario (The Ontario Curriculum)*.

2. Paano magkaiba ang pagtatasa ng EQAO ng Grade 6 sa mga pagsusulit na kinukuha na ng aking anak sa klase?

Magkaiba ang mga layunin ng mga pagsusulit sa silid-aralan at ng EQAO, at nagbibigay ng magkaibang uri ng impormasyon.

Ang mga pagsusulit sa silid-aralan

- ay nagsusukat kung gaano kahusay natutunan ng mga mag-aaral ang espesipikong impormasyon at ito ay nagaganap ito sa loob ng isang buong taon ng pag-aaral;
- ay nagbibigay ng agarang impormasyon ukol sa pagtuto ng mag-aaral na maaaring gamitin ng mga guro upang baguhin ang mga estratehiya sa pagtuturo sa kanilang mga silid-aralan;
- ay pinaunlad, ibinibigay at minamarkahan ng hiwalay ng mga guro at maaaring may panariling bahaging pagmamarka ng guro, batay sa kaniyang pagkakakilala sa mga indibidwal na mag-aaral at
- nagbibigay ng mga resulta na maaaring hindi ihambing sa lahat ng mga paaralan, lupon o probinsya.

Ang mga pagtatasa ng EQAO

- ay sumusukat sa pinagsama-samang kaalaman at kakayahan ng mag-aaral sa mga pinakamahahalagang yugto ng kanilang pag-aaral, na may kaugnayan sa pamantayan ng probinsya;
- ay nagbibigay ng taunang impormasyon ukol sa pagkatuto ng mag-aaral na maaaring gamitin ng mga guro, paaralan, mga lupon ng paaralan at ng probinsyo upang subaybayan ang pag-unlad at pagplano para sa mga pagpapabuti;
- ay isinigawa at ibinibigay ng mga guro sa Ontario;
- ay minamarkahan sa hindi nagbabago at walang kinikilingang paraan ng mga guro ng Ontario at ng ibang kwalipikadong indibidwal na nagkumpleto ng espesipikong pagsasanay at
- ay nagbibigay ng mga resulta na maihahambing sa lahat ng paaralan, lupon at probinsya taun-taon.

3. Kailangan bang lumahok ang lahat ng mga mag-aaral sa pagtatasa ng Grade 6?

Ang mga pamprobinsyang pagsusulit ay bahagi ng programa sa pampublikong edukasyon ng Ontario. Ang lahat na mga mag-aaral ng Grade 6 na pumapasok sa mga pampublikong paaralan na pinopondohan at sumusunod sa *Curriculum ng Ontario* ay kinakailangan ayon sa *Batas sa Kalidad ng Edukasyon at Tanggapan ng Pananagutan (The Education Quality and Accountability Office Act)* na kunin ang pagtatasa para sa Grade 6.

4. Paano sinusupportahan ang mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan na edukasyon sa pagtatasa ng Grade 6?

Ang mga mag-aaral na may espesyal pangangailangan na edukasyon na kabilang sa Indibidwal na Planong Pang-edukasyon (Individual Education Plan – IEP) ay pinahihintulutan ang ilang mga kaluwagan sa pagtatasa ng Grade 6 na pinapayagan ng EQAO at katugon sa kanilang regular na pagsasanay sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon (Guide for Accommodations, Special Provisions and Exemptions)* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

5. Paano sinusupportahan ang mga nag-aaral ng wikang Ingles sa pagtatasa ng Grade 6?

Ang mga nag-aaral ng wikang Ingles ay pinahihintulutan ng mga espesyal na panustos sa pagtatasa ng Grade 6 na pinahihintulutan ng EQAO at katugon ng kanilang regular na pagsasanay sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

6. Ang hindi pagkuha o pagpapaliban ay pinahihintulutan ba?

Sa ilang mga kaso, ang mga mag-aaral ay maaaring hindi kumuha ng pagtatasa ng Grade 6 kung natugunan nila ang pamantayang itinatag ng EQAO.

Ang mga pagpapasya tungkol sa paglahok ng isang mag-aaral sa mga pamprobinsyang pagsusulit at tungkol sa mga kaluwagan at espesyal na panustos ay isinasagawa sa antas ng paaralan ng punong-guro at ng pangkat ng paaralan, sa pakikipag-usap sa mga magulang o tagapag-alaga. Maaari kang sumangguni sa *Gabay para sa Pagtanggap, mga Espesyal na Probisyon at mga Iksemsyon* ng EQAO para sa karagdagang impormasyon.

7. Kailan ibinibigay ang pagtatasa ng Grade 6?

Ang pagtatasa ng Grade 6 ay kinukuha sa panahon ng dalawang linggo, karaniwang sa huling bahagi ng Mayo at unang bahagi ng Hunyo. Tinutukoy ng bawat paaralan ang kanilang mga petsa ng pagsusulit at mga oras sa tinalagang kung kailan ito ibibigay sa panahon ng pagtatasa.

8. Paano ibinibigay ang pagtatasa ng Grade 6?

Ang pagtatasa ng Grade 6 ay ibinibigay katugon sa buong probinsya ng mga tagapagturo sa Ontario, karaniwan kabilang ang mga guro ng silid-aralan ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng mga isang oras upang kumpletuhin ang bawa't isa sa anim na bahagi ng pagtatasa. Ang mga libreto ng mga halimbawa ng pagtatasa ay makikita sa aming Web site.

Ang EQAO ay nasa kalagitnaan ng maraming-taong proyekto upang isulong sa online ang programa sa pangprobinsyang pagtatasa.

9. Ano ang mangyayari kapag lumiban ang aking anak sa araw ng pagtatasang EQAO?

Kapag lumiban ang iyong anak sa mga araw na ibibigay ang pagtatasa para sa Grade 6, maaaring ayusin ng paaralan na ang iyong anak ay makakakuha ng pagtatasa sa pagbalik niya, ngunit sa loob lamang ng dalawang linggong panahon ng pagtatasa. Kung hindi bumalik sa paaralan ang iyong anak sa panahong iyon, hindi siya makakalahok sa pagtatasa.

Ang mga mag-aaral na inaasahang lumahok sa pagtatasa ngunit hindi nagawa ito ay kasama pa rin sa pampublikong pag-uulat ng mga resulta. Dahil ang sistema sa pampublikong edukasyon na pinopondohan ay

may pananagutan sa bawat mag-aaral, iniulat ng EQAO ang bawat estudyante. Kung ang isang mag-aaral ay hindi pinayagang hindi kumuha ng pagtatasa sa ilalim ng mga patnubay ng EQAO at hindi kumuha ng pagtatasa, siya itinuturing lumiban, samakatawid walang data, sa pag-uulat g EQAO.

10. Paano dapat maghanda ang aking anak para sa pagtatasa?

Dahil ang pagtatasa para sa Grade 6 ay 100% porsiyento batay sa *Curriculum ng Ontario*, walang espesyal na paghahanda ang kinakailangan. Upang maging pamilyar sa ayos ng pagtatasa at sa mga uri ng mga katanungan na itatanong, maaari mong tingnan ang mga halimbawa ng mga librito ng pagtatasa.

11. Paano minamarkahan ang mga pagtatasang EQAO?

Sa lahat ng pagtatasang EQAO, awtomatikong tinatama ng makina ang mga maraming-pagpipiliang mga sagot. Ang mga sagot sa mga tanong na katanungan na ang sagot ay hindi oo't-hindi sa pagtatasa ng Grade 6 ay minamarkahan ng mga tagapagturo ng Ontario na nagkaroon ng espesyal na pagsasanay at pumasa sa isang kwalipakasyon na pagsusulit. Itong video ay nagpapaliwanag ng mas higit pa tungkol sa Kung paano Nilikha, Ibinibigay at Minamarkahan ang mga Pagsusulit na EQAO (How EQAO tests are Created, Administered and Scored).

12. Kailan ko matatanggap ang mga resulta ng aking anak?

Ang bawat mag-aaral na kumuha ng pagtatasa ay makakatanggap ng Indibidwal na Pag-uulat sa Estudyante (Individual Student Report – ISR) na nagbabalangkas ng kaniyang mga resulta sa panahon ng taglagas ng susunod na taon ng pag-aaral. Tingnan nitong halimbawang ISR para sa karagdagang impormasyon.

Mga probinsyal na resulta ng lahat na mga EQAO na pagtatasa ay iuulat din sa panahon ng taglagas kasunod ng pagtatasa. Ang mga resulta ng paaralan at lupon ng paaralan ay ilalathala sa Web site ng EQAO.

13. Paano inuulat ang mga resulta ng EQAO?

Ang mga resulta mula sa pagtatasa sa diyunor-dibisyon ay inuulat ayon sa apat na antas ng pagkamit ng probinsya. Ang mga ito ay pareho sa mga antas ng pagkamit na ginagamit ng mga guro sa silid-aralan at sa mga report kard upang iulat ang mga nakamit ng mga mag-aaral. Ang pamantayan ng probinsya ay Antas 3, na tumutugon sa pagkamit na nasa pagitan ng B– hanggang B+.

Ang mga mag-aaral na tumutugon o lumalampas sa pamantayan (ibig sabihin ay nakakamit ng Antas 3 o 4) sa pagtatasa ay nagpapakita ng karamihan o lahat ng kaalaman at mga kakayahang inaasahan sa kasalukuyan nilang yugto ng pag-aaral.

Para sa karagdagang detalye, mangyari basahin ang Gabay ng Magulang sa Pag-unawa sa mga Resultang Nakamit ng Inyong Anak (A Parent’s Guide to Understanding Your Child’s Results).

14. Binibilang ba ang mga resultang natanggap ng aking anak sa EQAO sa kaniyang mga marka?

Ang mga resulta sa pamprobinsyang pagtatasa sa elementarya ay hindi ibibilang sa mga marka ng mag-aaral. Ang mga ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon isaalang-alang na katabi ng mga marka sa report kard upang makatulong sa pagsusuri ng pagkatuto ng mag-aaral at malaman kung ano pang karagdagang suporta ang kinakailangan.

15. Balido at maaasahan ba ang mga resulta?

Oo. Ang mga proseso ng pagbuo, pagsubaybay at pagtiyak sa kalidad ng pagsusulit ng EQAO ay isa sa pinakamahuhusay sa mundo, at tinitiyak ng mga ito ang pagkabalido at pagkamaasahan ng data ng

ahensya. Ang EQAO ay may maasahang pagrerepaso na nakatakda sa bawa't yugto ng sikolo ng pagtatasa —mula sa paggawa ng mga pagsusulit hanggang sa pagmamarka ng mga guro at sa paguulat ng mga resulta. Pinahalalagan ng EQAO ang integridad ng data nito.

16. Paano ko magagamit ang mga resultang EQAO ng aking anak upang masuportahan ang kaniyang pagkatuto?

Sa pagdating sa pagtatasa ng pagkatuto ng mag-aaral, mahalagang isaalang-alang malawak na hanay na impormasyon. Ang mga resulta ng EQAO ay dapat irepaso sa tabi ng pang-araw-araw na gawain sa silid-aralan ng iyong anak at iba pang pagtatasa at kasingkahulugan na ipormasyon upang masukat ang kaniyang pagkatuto at malaman kung saan kinakailangan ang karagdagang suporta.

Para sa mga mag-aaral na hindi nakakatugon sa pamantayan ng probinsya sa Grade 6, lalong mahalaga para sa mga guro at magulang na talakayin kung paano makapagtrabaho ng magkasama upang punan ang mga kakulangang sa pagkatuto. Ang pagsubaybay ng EQAO sa mga pangkat ng mag-aaral ay malinaw na nagpapakita na ang mga mag-aaral na hindi nakatugon sa pamantayan ng probinsya sa maagang baitang ay mas malamang na patuloy na mahihirapan sa mga susunod na baitang.

17. Ano ang binabatid sa akin ang mga resulta ng paaralan ng aking anak?

Ang mga resulta ng paaralan ay pinapakita ang mga kagagawan ng mga mag-aaral ng iyong paaralan na may kaugnayan sa lupon ng paaralan at sa buong probinsya. Matutulungan ka na maunawaan ang mga nakamit ng iyong anak na may kaugnayan sa ibang mga mag-aaral at ihanda ka maging bahagi sa mga pag-uusap tungkol sa pagsuporta sa makakamit ng mag-aaral. Narito ang Anim na Katanungan Kapag Sinusuri ang mga Resulta ng Iyong Paaralan (Six Questions to Ask When Looking at Your School's Results).

Maaari kang makipag-usap sa guro o punong-guro ng iyong anak tungkol sa kahalagahan ng mga resulta ng EQAO sa pagpapatibay ng mga programa sa pagkatuto sa paaralan ng iyong anak. Ginagamit ng mga paaralan sa buong Ontario ang data ng EQAO katabi ng ibang data ng silid-aralan tulad ng mga marka sa report kard, tasahan ng pagdalo at kasingkahulugang impormasyon upang mas mapaunlad ang kanilang mga plano sa pagpapabuti.

18. Ano ang mangyayari kapag bumagsak ang aking anak sa pagtatasa?

Mahalaga para sa mga guro at magulang na talakayin ang mga resulta ng mga mag-aaral na hindi nakatugon sa pamantayan ng probinsya sa pagbabasa, pagsusulat o matematika at magkasamang magtrabaho upang punan ang anumang kakulangan sa pagkatuto. Ang mga resulta sa pagtatasa sa diyunyor dibisyon ay hindi bibilangin sa mga marka ng mga mag-aaral.

19. Bakit kailangan ng Ontario ang pagtatasa ng buong probinsya?

Ang mga resulta ng EQAO ay pangunahing sukatan ng pananagutan sa sistema ng edukasyon ng Ontario at isang mahalagang kasangkapan sa pagpapabuti sa pagplano sa antas ng mag-aaral, paaralan, lupon ng paaralan at probinsya. Ang isang sistema na seryo sa pagpapatuloy ng pagbabago ay dapat mayroong malawakang sistema na ebidensya ng nakamit ng mag-aaral walang kinikilingan at maaasahan. Binibigyang-diin ng mga resulta ng pagtatasa ang mga bahagi kung saan maaari nangangailangan ng dagdag na suporta ang mga mag-aaral. Ginagamit ng mga tagapagturo, paaralan, lupon at ng probinsya ang mga data na ito upang nilalayan ang mga inisyatibo sa pagtuturo at pagkatuto.